DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE - CAR
RELEASED
AUG 03 2022
BY: ___ TIME: ___

Republika ng Pilipinas
**Kagawaran ng Edukasyon**
CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION

Agosto 1, 2022

**PANREHIYONAL NA MEMORANDUM**
**BLG:** 388 - 2022

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022**

To: Pangalawang Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay
Pinuno ng mga Paaralang Pampubliko at Pribado
Lahat ng mga Kinauukulan

1. Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997, na nagpapahayag ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing 1-31 ng Agosto na pinangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang Sangay ng Kurikulum at Namamahala ng Pag-aaral (Curriculum and Learning Management Division) ay magsasagawa ng palatuntunan na kinapapalooban ng mga paligsahan para sa pagdiriwang nito.

2. Kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ipinalabas ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang tema ngayong taon **"Filipino at mga Katutubong WIka: Kasangkapan sa Pagtuklas at Paglikha,"** na naglalayong ilaan ang buwang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng pagdiriwang ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg.104;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikaya ang iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika sa Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawaing kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalag sa mgawika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

**Address:** Wangal, La Trinidad, Benguet, 2601
**Telephone No:** (074) 422 – 1318 | **Fax No.:** (074) 422-4074
**Website:** www.depedcar.ph | **Email Address:** car@deped.gov.ph

4. Binibigyang karapatang magpasiya ang bawat Tagamasid Pansangay na magbigay ng mga **gawaing may kaugnayan sa layunin** bilang pagpapahalaga sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa na naaayon sa kalagayan at sitwasyon ng kanilang Dibisyon. Samantalang sa opisina ng rehiyon ay hinihikayat ang bawat Functional Division na makilahok sa dagliang balagtasan na binubuo ng tatlong (3) miyiembro; 1 Lakandiwa at 2 Mambabalagtas na isasagawa sa araw ng pagtitipon (convocation) na ininakda sa Agosto 8,2022 sa **covered court** ng rehiyon sa ika-8 ng umaga sa pamamagitan ng Google Meet gamit ang link na https://tinyurl.com/CARBuwanNgWika2022 para sa mga naka-online na manonood.

5. Ang mekaniks ng balagtasan ay makikita sa memorandum na ito bilang Lakip Bilang 1.

6. Ang walong Filipinong Tagamasid Pansangay ay magsusumite ng kanilang ulat kaugnay sa isinagawang pagdiriwang na ipapasa bago o hanggang Setyembre 2, 2022 sa email add na car.clmd@deped.gov.ph.

7. Para sa mga katanungan at paglilinaw, maaaring makipag-ugnayan kay Gng. Rosita C. Agnasi, OIC, CLMD Chief sa rosita. agnasi@deped.gov.ph at kay Gng. Thelma T. Dalay-on, EPS Filipino sa thelma.dalayon@deped.gov.ph o sa CP Blg. na 09208866918.

8. Hinihiling ang daglian, pagsunod at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**ESTELA P. LEON-CARIÑO EdD, CESO III**
Direktor IV/ Direktor ng Rehiyon

*CLMD/RCA/ttd*

**DAGLIANG BALAGTASAN**

**A. Mekaniks**

1. Ang paligsahan ay para sa lahat ng mga kawani sa rehiyon.
2. Ang pangkat ng kalahok sa bawat **Functional Division** ay binubuo ng tatlong (3) miyiembro; 1 Lakandiwa at 2 Mambabalagtas.
3. Ang kasuotan ay maaaring Filipiniana at Barong Tagalog o uniporme sa opisina.
4. Ang mga kalahok ay mananatili sa isang silid hanggang hindi pa sila natatawag.
5. Ang piyesa sa Dagliang Balagtasan ay ibibigay sampung minuto (10) bago magsimula ang patimpalak sa araw ng pagdiriwang.
6. Ang Lakandiwa ang magsisilbing tagapamagitan sa dalawang nagtatalo. Siya rin ang a) unang magsasalita at babati sa mga tagapakinig at manonood, b) ang pormal na magbubukas ng balagtasan, 3) magpapakilala sa dalawang magtatalo, 4) ang magbibigay ng desisyon kung sino sa dalawa ang nagwagi, at 5) ang magpipinid ng balagtasan. Maaaring ihanda na niya ang mga ito bago ang patimpalak para nakahanda na siya at maaari rin niyang babasahin ito.
7. Samantalang ang dalawang magtatalo ay may nakahandang piyesa na babasahin nang buong husay at bibigyan ng naaangkop na kilos at galaw, boses at tono na naaayon sa hinihingi ng piyesa.
8. Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi mapasusubalian.
9. Ang mga mambabalagtas ay huhusgahan batay sa mga sumusunod na pamantayan:

**B. Pamantayan**

Kasiningan ng Pagbigkas .........................40%

Disiplina, kumpas ng kamay at

Ekspresyon ng mukha............................30%

Kaangkupan ng boses/tinig......................10%

Kabuoang hikayat sa manonood..............20%

Kabuoan...100%